Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-01 NG SETYEMBRE, 2021 SA GANAP NA IKA-09:08 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ---------------- | Pangulo-SKF |

**DI NAKADALO :**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ---------------- | Kagawad (Birthday Leave) |

**KAPASIYAHAN BLG. 64 T. 2021**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT (DOLE) REGION IV-A CALABARZON SA PAMAMAGITAN NI REGIONAL DIRECTOR EXEQUIEL RONIE A. GUZMAN, NA MAPAGKALOOBAN ANG STA. CRUZ-LUMBAN OPERATORS AND DRIVERS TRANSPORT SERVICE MULTI-PURPOSE COOPERATIVE (SLODTS-MPC) NG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P 2,000,000.00) UPANG MAGAMIT NA PAUNANG PUHUNAN PARA SA ITATAYONG PROYEKTO NA AUTO PARTS/SUPPLIES AND GENERAL MERCHANDISE NA NAGLALAYONG MATULUNGAN ANG HUMIGIT SA ISANGDAAN (100) NA MGA MIYEMBRO NITO NA LUBHANG NAAPEKTUHAN DAHIL SA COMMUNITY QUARANTINE BUNSOD NG PAGLAGANAP NG COVID 19 VIRUS.**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**

**SAPAGKAT,** ang Department of Labor and Employment ay may proyekto sa ilalim ng Social Protection for Vulnerable Workers na tinatawag na DOLE Integrated Livelihood and Emergency Program na naglalayong makatulong upang pababain ang kahirapan at paliitin ang banta sa mga mahihirap, mahihina at mga nasa laylayang manggagawa sa pamamagitan ng emergency employment at pagpapasigla ng DILEEP grants assistance para sa capacity building on livelihood and entrepreneurial ventures para sa mga vulnerable and marginalized workers gaya ng mga jeepney drivers;

**SAPAGKAT**, ang Sta. Cruz-Lumban Operators and Drivers Transport Service Multi-Purpose Cooperative (SLODTS-MPC) ay isang lehitimong organisasyon na kinikilala ng Department of Transportation (DOTr), Department of Labor and Employment (DOLE), Securities and Exchange Commission (SEC), Cooperative Development Authority (CDA), Pamahalaang Panlalawigan ng Laguna at Pamahalang Bayan ng Lumban;

**SAPAGKAT**, sa pamamagitan ng PROCLAMATION NO. 922 na pinagtibay ng Pangulong Rodrigo Roa Duterte, ay umiral sa buong bansa ang "State of Public Health Emergency" bunsod ng pagpasok ng nakahahawang Corona Virus Disease 2019 o COVID 19 na

nagpahinto sa anumang pampasaherong sasakyan na makabiyahe sa loob ng maraming buwan na nagdulot ng lalong pasanin sa mga jeepney drivers at operators sa buong bansa;

**SAPAGKAT**, ang malaking epekto sa kabuhayan ng mga namamasadang tsuper ng jeepney sa Bayan ng Lumban ay patuloy pa rin nararamdaman lalo na ng mga walang iba pang mapagkukunan ng ikabubuhay kung kaya't napakahalaga na mabigyang tulong ang SLODTS-MPC sa pagtatayo ng livelihood project gaya ng auto parts/supplies and general merchandise upang magkaroon ng dagdag kita ang mga miyembro nito;

**SAPAGKAT**, ang mabuting layunin na ito ng SLODTS-MPC at ng Sangguniang Bayan ng Lumban ay magkakaroon lamang ng katuparan sa pamamagitan ng tulong mula sa Kagawaran ng Paggawa at Empleyo ng Region IV-A na pinamumunuan ni Regional Director Exequiel Ronie A. Guzman, sa pakikipagtulungan ng DOLE Laguna Provincial Office na pinamumunuan ni Provincial Director Guido R. Recio na sa buong panahon ng pag-iral ng krisis na kinakaharap ng bansa ay nagpatupad ng mga proyekto ng Kagawaran na may pagmamalasakit lalo na sa mga maliliit na mga manggagawa;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Ireneo R. Baldovino**, na pinangalawahan ni Kgg. Sheryll Tablico-Gaurino, Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat ng mga nagsidalo ay;

**IPASIYA**, gaya ng dito ay **IPINAPASIYA** na, pagtibayin ang Kapasiyahang mapitagang humihiling sa Department of Labor and Employment (DOLE) Region IV-A CALABARZON sa pamamagitan ni Regional Director Exequiel Ronie A. Guzman, na mapagkalooban ang Sta. Cruz-Lumban Operators and Drivers Transport Service Multi- Purpose Cooperative (SLODTS-MPC) ng halagang dalawang milyong piso (P 2,000,000.00) upang magamit na paunang puhunan para sa itatayong proyekto na auto parts/supplies and general merchandise na naglalayong matulungan ang humigit sa isangdaan (100) na mga miyembro nito na lubhang naapektuhan dahil sa commuity quarantine bunsod ng paglaganap ng COVID 19 virus;

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang DOLE Region IV-A Laguna Provincial Office sa 3rd Floor Anderson Building II, Barangay Parian, Calamba City, 4027, Philippines para sa kabatiran at gabay ng mga itinalagang tagapamahala ng Kagawaran sa Rehiyon at Lalawigan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-01 ng Setyembre, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt090121res64*